Kasama sa mga Opioid:

Heroin, fentanyl, at **niresetang mga gamot para sa kirot**:

Vicodin *(hydrocodone)*
OxyContin *(oxycodone)*
Dilaudid *(hydromorphone)*
MS Contin *(morphine)*
Percocet
Methadone
...at iba pa

- Kung ang isang tao ay uminom ng maraming opioid kaysa sa kaya ng kanilang katawan, maaari silang mahimatay, huminto sa paghinga, at mamatay.
- Ang overdose ay maaring sa segundo o oras.
- Ang sinumang gumamit ng opioids ay maaaring ma-overdose.

Mga peligro ng opioid overdose

- **Ang pag-restart ng mga opioid pagkatapos ng pahinga**. Ang toleransiya ay bababa sa loob ng ilang araw.
- **Kasabay ng paggamit ng opioids** ang alocohol, benzodiazepines/"downers," cocaine, or methamphetamine. Ang sabay na sabay na paggamit ay lubos na nagbibigay ng stress sa puso at baga.
- **Anumang gamit ng heroin** dahil sa malawak na saklaw ng kadalisayan nito.
- **Ang paggamit <u>ng kahit anong</u> gamot na hindi nireseta sayo**. Kahit paano mo pa ito nakuha, ito ay maaaring may fentanyl.
- Madalas na paginom ng gamot **para sa kirot o mas mataas na dosis** kesa sa nireseta sayo.
- Sakit sa puso o baga.

Kamatayan dahil sa Fentanyl ay tumataas sa estado ng WA.

Ang Fentanyl ay mas malakas kaysa sa iba pang mga opioid at ang labis na dosis ay maaaring mangyari nang mabilis. Hndi mo makikita o malalasahan ang fentanyl. Sa WA, karamihan ng tabletas na hindi galing sa parmasiya ay fentanyl. Makikita din ito sa pulbos.

Paano ako makakakuha ng naloxone?

Ang Naloxone (Narcan®) ay isang reseta na gamot na maaaring pansamantalang ihinto ang epekto ng opioid at matulungan ang isang tao na huminga muli.

Ang Naloxone ay maaaring ibigay bilang isang iniksyon sa kalamnan o bilang isang intranasal spray. Ito ay madali at ligtas gamitin.

Pumunta sa **stopoverdose.org** upang makita kung mayroong naloxone ang isang parmasya, doktor, o departamento ng kalusugan na malapit sa iyo.

Mga pinagkunan

Helpline sa pagrekober ng Washington
(24 oras tulong sa krisis at pag-refer)
warecoveryhelpline.org, 1-866-789-1511

Tagapagbigay ng Suboxone/buprenorphine
tinyurl.com/bup-locator

Impormasyon tungkol sa mga gamot na makakatulong na pamahalaan ang pagkaadik sa opioid at mapababa ang panganib ng labis na dosis ng opioid
learnabouttreatment.org

Ang brochure na ito ay hindi isang kapalit para sa mas kumpletong pagsasanay sa pagtugon sa labis na dosis ng isang tagapagbigay medikal o tagapagturo ng kalusugan. Para sa mas higit pa bisitahin ang: **stopoverdose.org**

Binuo ni (binago 6/2021):
ADAI ADDICTIONS, DRUG & ALCOHOL INSTITUTE

Pagsalin sa wika ay suportada ni:
Washington State Health Care Authority
King County

Overdose sa Opioid

Kung ang kakilala mo ay gumagamit ng opioid na tabletas, fentanyl o heroin....

.....alam mo ba ang gagawin kung sya ay maoverdose?

Ang impormasyon na ito ay makakatulong para mailigtas ang buhay.

stopoverdose.org

Anong gagawin kapag na-overdose sa opioid:

1 Suriin: Ito ba ay overdose sa opioid?

Hanapin at pakinggan ang:

- Mabagal o hndi paghinga
- Naghahabol ng hininga, naghihilik o lumalaguklok
- Nanlalamig at malamig na balat
- Nangangasul o namumutlang mga labi at kuko
- Bote ng tabletas, karayom at alak

Subukan na gisingin sya:



- Alugin at tawagin sa pangalan nya.
- Ihimas ang kamao ng may kabigatan sa dibdib.

Kung hindi sila gigising, kailangan mo kumilos ng mabilis.

2 Tawagan ang 911

- Sabihin kung nasaan at kung humihinga pa ang tao.
- Hindi mo kailangan sabihin ang anuman tungkol sa droga o medikasyon.

Magandang Batas ng Samaritano

Kung nakakakuha ka ng tulong medikal para sa labis na dosis o pagkalason sa alkohol, ikaw at ang biktima ay hindi maaaring singilin para sa paggamit ng droga, pag-aari, o pag-inom ng nasa menor de edad.

WA RCW 69.50.315

3 Magbigay ng naloxone at simulan ang pag-rescue sa hininga

- **Magbigay ng naloxone** Sundin ang mga tagubilin sa pakete o nasa overdose rescue kit.
- **Simulan ang pag-rescue sa hininga**.
- Kung hindi magreresponde sa loob ng 3-5 minuto, magbigay ng **pangalawag dosis ng naloxone. Ipagpatuloy ang pag-rescue sa hininga**.

Gawin ang pag-rescue sa hininga kung walang naloxone. Ang Oxygen ay kritikal!

Pag-rescue sa hininga

- Ikiling ang ulo pabalik. Itaas ng kaunti ang baba. Ipitin ang ilong.
- Magbuga **ng 2 mabilis na hininga**. Dapat na umangat ang dibdib.
- Sunod ay magbigay **isang mabagal na hininga kada 5 segundo**
- **Ipagpatuloy lang** hanggang sa huminga na sya muli o dumating ang tulong.

4 Manatili sa tabi nya

- Kung nagsimula na magising at huminga, manatili sa tabi nya.
- **Tignan sya hanggang sa dumating ang tulong medikal.** Ang naloxone ay nawawala pagkalipas ng 30-90 minuto. Kapag ito ay nangyari, ang tao ay maaaring huminto muli sa paghinga.
- Kung kailangan mong umalis, ilagay sya sa posisyon na pangrekober at sa isang lugar na maaari siyang makita.

Posisyon ng pagrekober